

Pangalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Ang Aking Pamilya

Lima ang miyembro ng aking pamilya. Si tatay ay ngtatrabaho sa bukid. Si nanay ay nagluluto ng masarap na pagkain. Ang aking mga kapatid ay mahilig maglaro. Ako ay masaya kapag kasama ko sila.



Mga Tanong:

1. Ilan ang miyembro ng pamilya?

2. Ano ang trabaho ni tatay?

3. Ano ang ginagawa ni nanay?

4. Ano ang hilig ng mga kapatid?

5. Kailan masaya ang bata?

+


Pangalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Sa Paaralan

Maaga akong gumising upang pumasok sa paaralan. Nakilala ko ang aking mga kaibigan sa silid-aralan. Ang aming guro ay nagturo ng bagong aralin. Naglaro kami pagkatapos ng klase. Masaya ang aking araw sa paaralan.



Mga Tanong:

1. Ano ang ginawa ng bata sa umaga?

2. Sino ang nakilala niya sa silid-aralan?

3. Ano ang itinuro ng guro?

4. Ano ang ginawa nila pagkatapos ng klase?

5. Ano ang damdamin ng bata sa paaralan?

Pangalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Ang Aking Kaibigan

Si Ana ang aking matalik na kaibigan. Lagi kaming naglalaro sa bakuran. Siya ay mahilig magbasa ng mga kuwento. Tinutulungan niya ako sa aking aralin. Masaya ako kapag kasama si Ana.



Mga Tanong:

1. Ano ang pangalan ng kaibigan?

2. Saan sila naglalaro?

3. Ano ang hilig ni Ana?

4. Paano tumutulong si Ana?

5. Ano ang nararamdaman ng bata kapag kasama si Ana?

Pangalan: _____

Ms. Gem

Basahin at Unawain

Ang Aming Bahay

Ang aming bahay ay maliit ngunit malinis. May sala kung saan kami nag-uusap at naglalaro. Sa kusina, si nanay ay nagluluto ng pagkain. Sa kwarto, kami ay nagpapahinga. Masaya sa aming bahay.



Mga Tanong:

1. Paano inilarawan ang bahay?

2. Ano ang ginagawa sa sala?

3. Sino ang nagluluto sa kusina?

4. Saan nagpapahinga ang pamilya?

5. Ano ang nararamdaman bata sa kanilang bahay?